

7

Lingguhang Aralin sa Araling Panlipunan 7

Kuarter 4

Aralin

6

PAG-AARIN NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

Modelong Banghay Aralin sa Araling Panlipunan 7
Kuwartar 4: (Aralin 6) Linggo 6
TP 2024-2025

Ang kagamitang panturong ito ay eksklusibo sa mga gurong kalahok para paunang papapatupad o implementasyon ng MATATAG K - 10 na kurikulum sa taong panuruang 2024-2025. Layunin nitong mailahad ang nilalaman ng kurikulum, pamantayan, at mga kasanayang dapat malinang sa mga aralin. Ang anomang walang pahintulot na pagpapalathala, pamamahagi, pagmomodipika, at paggamit ay mahigpit na ipinagbabawal at may karampatang legal na katumbas na aksiyon.

Ang mga nahiram na nilalaman na kasama sa materyales na ito ay pag-aari ng mga may karapatang-sipi. Ginawa ang lahat upang malaman ang pinagmulan at makahingi ng permiso na magamit ang mga ito mula sa nagmamay-ari ng karapatang-sipi. Ang mga tagapaglathala at pangkat ng tagabuo ay walang anomang karapatan sa pagmamay-ari para sa mga ito.

Mga Tagabuo

Manunulat:

- Dianne D. Lumibao (Quezon City University)

Tagasuri:

- Portia R. Soriano (Philippine Normal University)

Mga Tagapamahala

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SIMMER National Research Centre

Ang bawat pag-iingat ay ginawa upang masigurado ang katiyakan ng mga impormasyong nakapaloob sa materyales na ito. Para sa mga katanungan o fidbak, maaaring sumulat o tumawag sa Tanggapan ng Direktor ng *Bureau of Learning Resources* sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 and 8631-6922 o mag-email sa blr.od@deped.gov.ph

MODELONG BANGHAY-ARALIN

ARALING PANLIPUNAN, IKATLONG KUWARTER, BAITANG 7

I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN	
A. Mga Pamantayang Pangnilalaman	Naipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa papel ng ASEAN sa pagtugon sa mg hamon at pagkamit ng likas-kayang pag-unlad ng mga bansa sa Timog Silang Asya.
B. Mga Pamantayan sa Pagganap	Naipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa papel ng ASEAN sa pagtugon sa mg hamon at pagkamit ng likas-kayang pag-unlad ng mga bansa sa Timog Silang Asya.
C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto	<i>Mga Kasanayan</i> 1. Nasusuri ang mga hamon at tugon ng ASEAN sa pagtamo ng likas-kayang pag-unlad (sustainable development).
D. Nilalaman	Ang ASEAN at Hamon ng Likas-Kayang Pagunlad sa Pilipinas at Timog Silangang-Asya. 3. ASEAN Community Vision 2025 4. Key Challenges for the Future of ASEAN (Mga Hamon sa ASEAN sa hinaharap).
E. Integrasyon	Pagkakapantay-pantay at pagtutulongan ng mga banasa sa Asya; Panahon, Pagpapatuloy at Pagbabago

II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO

Association of Southeast Asian Nations (2015, November 24). *ASEAN 2025 at a Glance*. <https://asean.org/asean-2025-at-a-glance/>

Heng, Kimkong (2020, August 15). *ASEAN's Challenges and the Way Forward*. The Diplomat. <https://thediplomat.com/2020/08/aseans-challenges-and-the-way-forward/>


Gabay Pangkurikulum sa Araling Panlipunan. 2016, Mayo. Department of Education. <https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2019/01/AP-CG.pdf>

Ministry of Foreign Affairs of the Republic of Indonesia (2015, Match 17). *Establishment of ASEAN Community 2015*. https://kemlu.go.id/portal/en/read/108/halaman_list_lainnya/establishment-of-asean-community-2015

World Economic Forum (2017, May 11). *What Skills do ASEAN countries need to meet the challenges of the future?* <https://www.weforum.org/agenda/2017/05/what-skills-and-values-do-asean-countries-need-to-meet-the-challenges-of-the-future/>

III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO		MGA TALA sa GURO
A. Pagkuha ng Dating Kaalaman <i>(Mind & Mood)</i>	Unang Araw 1. Maikling Balik-aral Ipagawa sa mga mag-aaral ang gawain na ito. A. Halina't Magbalik Tanaw. Magbigay ng ilang layunin ng pagkakatatag ng ASEAN Community 2015 na natalakay sa nakaraang aralin. ASEAN Community 2015 1. _____ 2. _____ 3. _____	Ang gawaing ito ay magsisilbing gabay upang balikan ang natapos na aralin sa nakaraang linggo at bilang panulay sa mga bagong paksang tatalakayin sa bagong linggo na ito. Ang mga sumusunod ang ilan sa kasagutan sa gawaing ito. (1) Lumikha ng isang lipunang may pagtingin sa hinaharap. 2) May mga mamamayan na naninirahan sa isang mapayapa, matatag at maunlad na kapaligiran.

	Pamprosesong Tanong: Alin sa mga layon o goals ng ASEAN ang masasabi mong naging pinakamatagumpay? Bakit?	(3) May mga bansang pinagisa sa isang dinamikong relasyon sa pakikipagsosyo. (4) Lumikha ng isang komunidad na mapagmalasakit. (5) Palakasin ang integrasyon ng ASEAN sa pagharap sa pag-unlad ng pandaigdigang konstelasyong politikal. (6) Sa pagkakatatag ng ASEAN Community ay nabuo rin ang tatlong community councils. Ito ay ang ASEAN Political Security Community Council (APSCC), ASEAN Economic Community Council (AECC) at ASEAN Socio-Cultural Community Council (ASCCC).
B. Paglalahad ng Layunin (Aims)	1. Panghikayat na Gawain Paghahambing. Gamit ang ano mang bagay na makikita sa iyong paligid, ilarawan ang katangian ng <i>ASEAN Community</i> na iyong inaasam sa hinaharap. Bagay na iyong napili: _____ Mga kadahilanan sa pagpili ng bagay na ito na sumasalamain sa katangian ng ASEAN Community na iyong inaasam: _____ _____ _____	Sa bahaging ito ay mahalagang maipalam sa mga mag-aaral ang kahalagahan ng paksang tatalakayin. Maaaring gamiting gabay ang mga kalakip na gawain.

	2. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin Paggawa ng Poster. Gumihit ng isang poster na naayon sa motto ng ASEAN na <i>“One Vision, One Identity, One Community”</i>.  3. Paghawan ng Bokabularyo sa Nilalaman ng Aralin Ang mga salitang nailahad ay magsisilbing gabay sa nilalaman ng aralin sa linggong ito. Sabay-sabay nating tuklasin ang mga ito. #ASEANCommunityVison2025 #TheFutureofASEAN 1. Ang Pokus ng Komunidad ng ASEAN 2025 2. Ang mga adhikain ng haligi ng Komunidad ng ASEAN 1. Mga Hamon sa ASEAN sa hinaharap	Maaring gawing gabay ang rubric na ito sa pagtataya ng ginawang poster ng mag-aaral. Pagkakayaos ng iginuhit: 15 puntos Mensahe ng iginuhit -20 puntos Pagkamalikhain – 15 puntos Kabuuan: 50 puntos
C. Paglinang at Pagpapalalim	Ikalawang Araw	Ang mga gawaing nakalahad sa bahaging ito ay gawing gabay


(Tasks and Thought)	Kaugnay na Paksa 1: ASEAN Community Vision 2025 Ito ay isang <i>forward looking roadmap</i> na nagsasaad ng mga layunin at adhikain ng ASEAN na maisakatuparan ang higit pang pagsasama-sama, integrasyon at malakas na pagkakaisa bilang isang Komunidad. Ang ASEAN ay nagtrabaho patungo sa isang komunidad na “<i>politically cohesive, economically integrated, and socially responsible</i>”. Ang ASEAN 2025 Document ay kinalabasan ng isang taon na pagpapalano at matinding talakayan at sumasalamin sa determinasyon ng mga <i>Member States</i> na sumulong sa susunod na yugto ng pag-unlad ng ASEAN. Ang Pokus ng Komunidad ng ASEAN: 1. Higit na diin sa mga mamayan ng ASEAN at sa kanilang kagalingan; 2. Palakasin ang kamalayan ng ASEAN at ang Pananaw nito ng isang magkakaugnay na pulitika, pinagsama-samang ekonomiya at responsableng Komunidad sa lipunan; 3. Himukin ang lahat ng mga mamayan ng ASEAN Member States sa pamamagitan ng epektibo at makabagong mga <i>platform</i> upang isulong ang pangako at pagkakakilanlan sa mga patakaran ng ASEAN at mga interes sa rehiyon; 4. Tiyakin ang mga pangunahing kalayaan, karapatang pantao at mas mabuting buhay para sa lahat ng mga mamayan ng ASEAN; 5. Palakasin ang kapasidad na harapin ang mga umiiral at umuusbong na mga hamon habang pinapanatili ang sentralidad ng ASEAN; 6. Isang panlabas na hitsura at pandaigdigang manlalaro; 7. Ipatupad ang ASEAN <i>agenda</i> habang hinahabol ang pambasang adhikain na nag-aambag sa pagbuo ng Komunidad ng ASEAN; at 8. Palakasin ang ASEAN Organs at ang ASEAN Secretariat. Mga Pangunahing Adhikain ng tatlong haligi ng komunidad ng ASEAN: Political-Security Community	upang lubusan na maunawaan ang paksa sa linggong ito. Ang Community Vision 2025 ay kabilang sa mga bumubuo sa <i>ASEAN 2025: Forging Ahead Together document</i>. Kabilang rin dito ang <i>Kuala Lumpur Declaration on ASEAN 2025: Forging Ahead Together</i>, ang <i>ASEAN Political-Security Community Blueprint 2025</i>, ang <i>ASEAN Economic Community Blueprint 2025</i> at ang <i>ASEAN Socio-Cultural Community Blueprint 2025</i>.
-----------------------------------	--	--

	• Isang nakabatay sa mga patakaran, nakatuon sa mga tao, nakasentro sa mga tao na ASEAN sa isang rehiyon ng kapayapaan, katatagan at kaunlaran; • Isang pinagsama-samang Komunidad ng ASEAN; • Isang pabago-bago, matatag at maayos na komunidad na epektibong tumugon sa mga kahinaan sa lipunan at ekonomiya at iba pang banta sa seguridad na hindi tradisyonal; • Isang Komunidad na mabisang tumugon sa mga hamon na nakakaapekto sa ASEAN mula sa loob at labas ng rehiyon; • Isang Komunidad na matatag na nagpapanatili ng sentralidad ng ASEAN sa mga mekanismo ng rehiyon; • Pinalakas ang pagkakaisa at pagkakaisa ng ASEAN upang protektahan ang nangunguna at sentral na tungkulin nito sa pagharap sa mga bagay na pinagkakaabalahan; at • Pinahusay na diyalogo at pakikipagtulungan sa mga panlabas na kasosyo ng ASEAN para sa kapwa benepisyo at interes. Economic Community • Isang mahusay na pinagsama at konektadong ekonomiya sa loob ng pandaigdigang sistema ng ekonomiya; • Isang business-friendly, trade-facilitative, market driven at predictable environment na nagbibigay inspirasyon sa kumpiyansa ng mamumuhunan; • Isang rehiyon na may mahalagang papel sa mga pandaigdigang value chain at pagtaas ng partisipasyon sa mga high value added at mga aktibidad na nakabatay sa kaalaman; • Isang mapagkumpitensya at dinamikong rehiyon na nagbibigay inspirasyon sa pagbabago at kung saan ang mga negosyo sa lahat ng laki ay umunlad, at kung saan ang mga karapatan ng mga mamimili ay protektado; • Isang komunidad kung saan ang mga benepisyo mula sa economic integration ay pantay na ibinabahagi sa pagitan at sa loob ng ASEAN Member States, kasama ang micro, small and medium enterprises, youth, at women entrepreneurs; at • Isang konektadong rehiyon kung saan ang mga pagpapabuti sa mga koneksyon sa transportasyon at imprastraktura ay nakakatulong sa	
--	---	--

	mga tao at negosyo na kumilos nang mahusay at gumana nang mas produktibo sa mga hangganan, palawakin ang abot ng merkado at madiskarteng pinagmumulan ng mga produkto at serbisyo. Socio-Cultural Community • Isang inklusibong Komunidad na nakatuon sa mga tao, nakasentro sa mga tao at nagtataguyod ng mataas na kalidad ng buhay at pantay na pag-access sa • pagkakataon para sa lahat, at umaakit sa mga kaugnay na stakeholder sa mga proseso ng ASEAN; • Isang napapanatiling Komunidad na nagtataguyod ng panlipunang pag-unlad at pangangalaga sa kapaligiran sa pamamagitan ng mabisang mekanismo upang matugunan ang kasalukuyan at hinaharap na mga pangangailangan ng mga tao; • Isang nababangat na Komunidad na may pinahusay na kapasidad na patuloy na tumugon at umangkop sa mga kasalukuyang hamon at mga umuusbong na banta; at • Isang dinamiko, bukas, malikhain at adaptive na Komunidad na may pagkakakilanlang ASEAN na sumasalamin sa kolektibong personalidad, pamantayan, halaga at paniniwala ng rehiyon pati na rin ang mga adhikain bilang isang Komunidad ng ASEAN. Pinagtibay ng ASEAN 2025 ang pangako, pagpapatuloy at pagsasama-sama ng pagtatayo ng Komunidad ng ASEAN. Ito ay tuloy-tuloy at inaabangan na proseso upang palakasin ang Komunidad ng ASEAN batay sa mga haliging pampulitikang-seguridad, pang-ekonomya at sosyo-kultural na sama-sama susulong. 1. Pagproseso ng Pag-unawa Grapikong Representasyon. Ilahad ang mga konsepto / salita na makakapagpaliwanag o iyong maiuugnay sa ASEAN Community 2025 gamit ang isang semantic map o grapikong representasyon.	
--	---	--

	2. Pinatnubayang Pagsasanay. Slogan-Making. Bumuo ng sariling <i>slogan</i> na ang tema ay nakaayon sa ASEAN Community Vision 2025. 3. Paglalapat at Pag-uugnay. Saloobin. Para sa katulad mong mamamayan ng ASEAN, ano ang kahulugan ng ASEAN 2025 sa iyo? Magbigay ng iyong kasagutan sa pamamagitan ng pagguhit ng simbolo na naaangkop sa iyong saloobin.	Maaring gawing gabay ang rubric na ito sa pagtataya ng ginawang semantic map o grapikong representasyon ng mag-aaral. Nilalaman ng grapikong representasyon: 25 puntos Kaayusan ng grapikong representasyon -15 puntos Pagkamalikhain – 10 puntos Kabuuan: 50 puntos
--	---	---

	Ikatlong Araw Kaugnay na Paksa 2: <i>Key Challenges for the Future of ASEAN</i> (Mga Hamon sa ASEAN sa hinaharap). Ang pangunaghing layunin sa pagkakatatag ng ASEAN ay isulong ang paglago ng ekonomiya, kapayapaan at katatagan ng rehiyon, aktibong pagtutulungan at tulong sa isa't isa sa mga bagay na magkakaparehong interes ng lahat ng miyembro. Sinisikap din ng ASEAN na mapanatili ang malapit at kapaki-pakinabang na pakikipagtulungan sa mga umiiral na rehiyonal at internasyonal na organisasyon na may magkakatulas na layunin. Ito ay kumikilos sa ilalim ng anim na pangunahing prinsipyo, dalawa sa mga ito ay ang paggalang sa isa't isa para sa Kalayaan, soberanya, at integridad ng teritoryo, at hindi pakiialam sa mga panloob na gawain ng mga kasaping bansa. Sa paglalakbay patungo sa katuparan ng adhikain ng ASEAN, hindi maiiwasan ang mga hamong kakaharapin. Ilan sa mga tinutukoy na hamon ay ang sumusunod: 1. Isa sa mga hamon na matagal ng kinakaharap ng ASEAN ay ang kawalan ng tagpag-ingat na makapagpatuloy sa Samahan. Kulang din ang ASEAN ng matibay na institusyon upang matiyak ang tagumpay ng pagpapatupad ng kolektibong desisyon nito. 2. Ang pagpapangkat ay nahaharap sa isang malaking hamon sa gitna ng estratehikong kompetison para sa impluwensya sa <i>Asia-Pacific</i> sa pagitan ng Estados Unidos at China. Habang pinapataas ng US at China ang kanilang estratehikong tungalian at nagisisimula ng isang bagong cold war, ang ASEAN ay nakakulong sa isang estratehikong tug-of-war na maaring mag-destabilize sa buong rehiyon, kung mabibigo itong mabisang magtagumpay sa <i>geopolitical challenge</i>. 3. Ang mga bansang ASEAN ay may posibilidad na magkaroon ng magkakaibang interes at prioridad. Ang bawat miyembro ay nahaharap sa kanilang sariling natatanging panlipunan, pang-ekonomiya at pampulitikang hamon. Dahil dito ang bawat isa ay tila walang pagpipilian kundi tumuon sa pagtugon sa kanilang sariling mga panloob na gawain. Ang pagbibigay-diin sa domestic affairs ay tiyak na	Maaring gawing gabay ang rubric na ito sa pagtataya ng ginawang semantic map o grapikong representasyon ng mag-aaral. Kaayusan ng slogan: 15 puntos Mensahe ng iginuhit -20 puntos Pagkamalikhain – 15 puntos Kabuuan: 50 puntos
--	--	---

	makakaapekto sa kapakakanan ng ASEAN sa kabuuan. 4. Ang ASEAN ay hindi rin malaya sa panloob at panlabas na mga hamon sa seguridad. Sa loob ng rehiyon, may mga hindi pagkakaunawaan at salungtan. Sa labas naman ng rehiyon ay may mga seryosong hamon hinggil sa alitan sa teritoryo sa South China Sea at iba pang alalahanin tungkol sa papel at kaugnayan ng ASEAN sa rehiyon. Bukod rito ilan pa sa mga kinakaharap na hamon ng ASEAN ay ang mga isyu ng katiwalian, pagbabago ng demograpiko, hindi pantay pantay na pag-unlad ng lipunan, pagkakaiba sap ag-unlad ng ekonomiya at paggamit ng teknolohiya, pagkasira ng kapaligiran, at iba pang isyung may kaugnayan sa politika. 1. Pagproseso ng Pag-unawa Pumili / Maglahad ng tatlong pangunahing hamon na kakaharapin ng ASEAN Community sa hinaharap at magbigay ng ilang suhestyon kung pano ito posibleng masolusyunan. Suliranin at Solusyon  2. Pinatnubayang Pagsasanay.	Ang mga hamon na nailahad ay inilathala ni Kimkong Heng sa <i>The Diplomat</i>. Isang kandidato sa PhD sa Unibersidad ng <i>Queensland</i> at isang <i>Visiting Senior Fellow</i> sa <i>Cambodia Institute for Cooperation and Peace</i>.
--	---	--

	Pumili ng isang bansa na kabilang sa ASEAN Member State at ilahad ang mga pangunahing hamon na kinakaharap ng bansang ito na may kaugnayan sa adhikan ng <i>ASEAN Community Vision 2025</i>. Bansa 1. _____ 2. _____ 3. _____ 3. Paglalapat at Pag-uugnay. Anong Say mo? Ano ang dapat gawin? Ano ang mga kasanayan na meron dapat ang iba't ibang bansa na miyembro ng ASEAN para matugunan ang mga hamon sa hinaharap?				
D. Paglalahat (Abstractions)	1. Paglilinaw. Ilahad ang iyong sariling pananaw batay sa iyong natutuhan sa aralin. Isulat ang pahayag sa loob ng kahon. <table border="1"> <tr> <td>Iyong Natutunan</td><td>Reaksyon</td><td>Tanong</td></tr> </table>	Iyong Natutunan	Reaksyon	Tanong	Ang bahaging ito ay magisilbing daan para sa mga mag-aaral na maipahayag ang kanilang mga natutunan sa natapos na aralin.
Iyong Natutunan	Reaksyon	Tanong			

E. Pagtataya <i>(Tools for Assessment)</i>	Ikaapat na Araw Pagsusulit Pag-uulat (Pangkatang na Gawain). Bawat isang grupo ay mag-uulat ng isang hamon na kinakaharap ng isang ASEAN Member State. Kaakibat ng ulat ay ang pagtalakay sa hakabangin na isinasagawa ng nasabing bansa upang malabanan o masulosityunan ang hamon na naiulat.			Ang bahaging ito ay magsisilbing pagtataya sa naging pag-unawa ng mga mag-aaral sa natapos na paksa. Maaring gawing gabay ang rubric na ito sa pagtataya ng ginawang paguulat Nilalaman ng ulat – 50 puntos Paraan ng pag-uulat – 20 puntos Paglalahad ng opinion sa naiulat – 30 puntos Kabuuan – 100 puntos
F. Pagbuo ng Anotasyon	Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa	Epektibong Pamamaraan	Problemang Naranasan at Iba pang Usapin	

	alinmang sumusunod na bahagi.			
	<i>Estratehiya</i>			
	<i>Kagamitan</i>			
	<i>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</i>			
	<i>At iba pa</i>			
G. Pagninilay	<i>Gabay sa Pagninilay:</i> ▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u> <i>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?</i> <i>Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?</i> ▪ <u>Mag-aaral</u> <i>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?</i> <i>Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?</i> ▪ <u>Pagtanaw sa Inaasahan</u> <i>Ano ang aking nagawang kakaiba?</i> <i>Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?</i>			